
ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA
MGA
DE-LANGHAP
Snappers
Shoot the breeze
Boppers
Air blast
Medusa
drugfreeworld.ph

# BAKIT GINAWA ANG BOOKLET NA ITO

Maraming usap-usapan tungkol sa mga droga sa mundo—sa mga lansangan, sa eskuwelahan, sa Internet at sa TV. Ang ilan sa mga ito ay totoo, ang ilan ay hindi.

Sa katunayan, marami sa mga naririnig ninyo tungkol sa mga droga ay nanggagaling sa mga nagbebenta ng mga ito. Umamin ang mga nagbagong-buhay na nagbebenta ng droga na sasabihin nila ang kahit na ano para mapabili ang ibang tao ng ng droga.

Huwag magpapaloko. Kailangan mo ng mga katotohanan para makaiwas na malulong sa mga droga at matulungan ang iyong mga kaibigang lumayo sa mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit namin inihanda ang booklet na ito—para sa iyo.

Mahalaga ang inyong opinyon sa amin, kaya umaasa kaming makarinig mula sa inyo. Maaari ninyo kaming bisitahin sa internet sa **drugfreeworld.ph** at padalhan kami ng e-mail sa **info@drugfreeworld.ph**.

# ANO ANG MGA DE-LANGHAP?

Ang "mga de-langhap" ay tumutukoy sa mga singaw galing sa nakalalasong mga bagay na sinisinghot para magkaroon ng isang mabilis na high. Sa mahigit na 1,000 kabahayan at ibang pangkaraniwang mga produktong maaaring abusuhin bilang mga de-langhap, ang mga pinaka-ginagamit ay shoe polish (panlinis ng sapatos), glue (pandikit), toluene*, gasolina, lighter fluid (likido ng lighter), nitrous oxide† o "whippets," spray paint (pinturang de-spray), correction fluid (likidong pambura), cleaning fluid (likidong panlinis), amyl nitrite‡ o "poppers," locker room deodorizers (mga pantanggal ng amoy ng locker room) o "rush," at lacquer thinner o ibang solvent para sa pintura.

Karamihan sa mga produktong ito ay nakalilikha ng mga epektong katulad ng mga pampamanhid, na nagpapabagal sa mga gawain ng katawan. Pagkatapos ng unang high at pagkawala ng inhibisyon ay dumarating ang pagkahilo, panghihina at pagkabagabag.

Ang mga kemikal ay mabilis na nakukuha sa pamamagitan ng mga baga tungo sa daluyan ng dugo at mabilis na umaabot sa utak at iba pang mga lamang-loob, minsan ay nagdudulot ng hindi na maisasaayos na pisikal at pangkaisipang pinsala.

Nilalanghap ng mga gumagamit ang mga kemikal na singaw diretso mula sa mga bukas na mga lagayan (pagsinghot) o nilalanghap ang mga usok mula sa mga basahang ibinabad sa mga kemikal ("huffing"). Ang iba ay iwiniwisik nang diretso ang substansya sa loob ng ilong o bunganga, o ibinubuhos ito sa kanilang kolyar, mga manggas o punyos (dulo ng mahabang manggas) at sinisinghot ang mga ito nang maya't maya. Sa "bagging," maaaring lumanghap ang gumagamit ng mga usok mula sa mga substansyang nasa loob ng isang supot na papel o plastik na supot. Ang bagging sa isang saradong lugar ay nakapagpapataas nang malaki sa mga posibilidad na hindi makahinga.

Ang "poppers" at "whippets," na ibinibenta sa mga konsiyerto at mga dance club, ay gawa ng nakalalasong mga kemikal na maaaring permanenteng makasira ng katawan at utak.



* toluene: isang walang kulay na likidong ginagamit na solvent (panunaw) at panggatong.

† nitrous oxide: isang walang kulay, matamis ang amoy na gas na ginagamit bilang pampamahid

‡ amyl nitrite: isang mapusyaw na dilaw na likidong ginagamit para magpabukas o magpaluwag ng mga daluyan ng dugo, minsan ay inaabuso bilang de-langhap.

# MGA SIKAT NA TAWAG PARA SA MGA DE-LANGHAP

- Air blast
- Highball
- Satan's secret
- Ames
- Hippie crack
- Shoot the breeze
- Amys
- Huff
- Snappers
- Aroma of men
- Laughing gas
- Snotballs
- Bolt
- Locker room
- Spray
- Boppers
- Medusa
- Texas shoe shine
- Bullet
- Moon gas
- Thrust
- Bullet bolt
- Oz
- Toilet water
- Buzz bomb
- Pearls
- Toncho
- Discorama
- Poor man's pot
- Whippets
- Hardware
- Poppers
- Whiteout
- Heart-on
- Quicksilver
- Hiagra in a bottle
- Rush snappers




Nagsimula ito sa isang panay na pagtutuluy-tuloy mula sa pagsinghot ng glue (pandikit), pagsinghot ng gas, magic mushroom, na nagpatuloy hanggang sa naging 17 gulang ako. Pagkatapos ay nagsimula ako sa cannabis. Ginagasta ko ang pera ko sa kahit pinakamaraming cannabis na makukuha ko. Pagkatapos ay sapat na matanda na ako para makapasok sa mga club, kaya nagsimula ako doon sa mga amphetamine at Ecstasy...

"Nagsimula akong sumama sa mga taong gumagamit ng heroin, at kalaunan ay ginamit ko ito nang padalas at padalas hanggang sa naadik na ako. Wala akong ideya noon sa kasiraang idudulot noon sa akin sa paglaon... na bubuno ako ng sunud-sunod na sentensiya sa kulungan, ninanakawan ang mga bahay ng mga tao, ninanakawan ang pamilya ko. Lahat ng sakit at pasakit na naidulot ko ay mas malala kaysa sa pagnanakaw ng mga materyal na bagay mula sa kanila." — Dennis



Noong nasa ikaapat na baitang ako, isang “kaibigan” ko ang nagpakilala sa akin sa mga de-langhap. Dahil sa napakabata ko at walang kamuwang-muwang, sinimulan ko ang paglanghap ng gas araw-araw hanggang sa makarating ako sa ikawalong baitang. Ang mga kakayahan kong gumalaw ay sirang-sira at uupo ako nang napakatagal na nakatulala sa kawalan na walang kahit anumang pumapasok sa aking isipan. Parang bang nandito ang katawan ko pero wala ako. Nahihirapan akong magpanatili ng mga trabaho at labindalawang taon na akong nabubuhay nang mag-isa. Mukha akong normal sa panlabas ngunit kapag sinubukan kong magpakita ng interes at makipag-usap sa mga babae, nagiging malinaw na gulay talaga ako. Sawa na akong mamuhay nang ganito at mas gugustuhin kong mamatay kaysa mabuhay nang ganito, dahil parang patay na rin naman ako.”

— John



# PAANO NAAAPEKTUHAN NG MGA DE-LANGHAP ANG IYONG KATAWAN?

Maaaring makapagdulot ng pinsala ang mga de-langhap sa puso, mga bato, utak, atay, utak ng buto at iba pang mga lamang-loob.

- Ang paggamit ng mga de-langhap ay nagnanakaw ng oksiheno sa katawan at pumupuwersa sa pusong tumibok nang iregular at nang mas mabilis.
- Maaaring makaranas ang mga gumagamit ng pagkaduwal at mga pagdurugo ng ilong at nawawalan ng pandinig at pang-amoy. Ang matagalang paggamit ay maaaring humantong sa panghihina ng kalamnan at paglawlaw ng kalamnan, at dahan-dahang pinipinsala ng nakalalasong mga kemikal ang mga baga at ang resistensiya ng tao.
- Ang gumagamit ng de-langhap ay nanganganib sa Sudden Sniffing Death Syndrome. Maaaring mamatay sa unang pagkakataon o sa ika-100 beses na ginamit ang de-langhap.

# PANANDALIANG MGA EPEKTO



Karamihan sa mga de-langhap ay direktang nakaaapekto sa sistema ng nerbiyos para makalikha ng mga epektong nakapagpapabago sa isipan.  Sa loob ng ilang segundo, ang gumagamit ay nakararanas ng pagkalango at iba pang mga epektong katulad ng sa alkohol. Maraming iba't ibang epektong maaaring maranasan habang at pagkatapos kaagad ng paggamit, kabilang na ang:

- Hindi malinaw na pananalita
- Lasing, hilo o litong anyo
- Walang kakayahang pagtugmain ang mga galaw
- Mga guni-guni at mga delusyon
- Kasamaan
- Apatiya
- Napahinang pagpapasya
- Kawalan ng malay
- Matitinding sakit ng ulo
- Mga butlig-butlig sa paligid ng ilong at bunganga
- Ang matagalang pagsinghot ng mga kemikal na ito ay maaaring magdulot ng iregular at mabilis na tibok ng puso at humantong sa pagkasira ng puso at kamatayan sa loob ng ilang minuto.
- Ang kamatayan dahil sa hindi makahinga ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng pagpapalit ng oksiheno sa baga ng kemikal, at pagkatapos sa loob ng central nervous system, at titigil ang paghinga.

# PANGMATAGALANG MGA EPEKTO

**Ang mga gumagamit nang matagalan ay nakararanas ng**

- Panghihina ng kalamnan
- Pagkalito
- Kakulangan ng koordinasyon
- Pagka-iritable
- Matinding kalungkutan
- Seryoso at paminsan-minsang hindi na magagamot na pinsala sa puso, atay, mga bato, mga baga at utak
- Pagkasira ng memorya, pagkabawas ng katalinuhan
- Pagkawala ng pandinig
- Pagkasira ng utak ng buto
- Kamatayan dahil sa pagbigay ng puso o asphyxiation (pagkawala ng oxygen)

Ang matagal na pagkakalantad sa mga de-langhap ay maaaring makagawa ng malaki at minsan ay hindi na maisasaayos na pinsala sa puso, mga baga, atay at mga bato.

Ang matagalang paggamit ng mga de-langhap ay naiugnay sa ilang seryosong mga problema sa kalusugan. Ang pagsinghot ng glue at paint thinner ay nagdudulot ng mga problema sa bato. Ang pagsinghot ng toluene at iba pang mga solvent ay maaaring magdulot ng pinsala sa atay. Ang pag-abuso sa inhalant ay nagresulta rin sa pagkasira ng memorya at pagkabawas ng katalinuhan.



Bukas ay ang ika-anim na anibersaryo ng kamatayan ng aming anak na si Justin. Siya ay 16 na taong gulang noon. Namatay siya sa pagsinghot ng air freshener, isang pag-abuso ng isang de-langhap. Ang kanyang walang katuturang kamatayan ay yumanig sa mga mundo ng lahat ng mga nakakikilala sa kanya. Si Justin ay isang honors student na nagmamahal sa buhay at sinalubong niya ito nang may entusiyasmo... Inspirasyon siya para sa marami... Palagi akong babalikan ng katanungang kasama pa kaya namin si Justin ngayon kung nalaman lang niya ang mga panganib na kanyang sinusuong."

— Jackie

# NAKAAADIK BA ANG MGA DE-LANGHAP?

Ang mga de-langhap ay maaaring maging pisikal at sikolohikal na nakaaadik. Ang mga gumagamit ay nag-uulat ng matinding pagnanais na ipagpatuloy ang paggamit ng mga de-langhap, lalo na pagkatapos ng tuluy-tuloy na paggamit sa loob ng maraming araw.

Ang malimit na gumagamit na tumitigil sa paggamit ng mga de-langhap ay nagdurusa sa mga sintomas ng withdrawal na maaaring kabilangan ng pagkaduwal, sobrang pagpapawis, mga paninigas ng kalamnan, mga sakit ng ulo, pangangatog, pagkabalisa, sinasamahan ng panginginig at mga guni-guni. Sa matitinding kaso, ang withdrawal ay maaaring magdulot ng mga kombulsyon.

# PANDAIGDIGANG ESTADISTIKA


Sa isang sarbey sa Estados Unidos, ipinagsasama ang mga datos mula 2002 hanggang 2006, ay nakatuklas na ang taunang karaniwang bilang ng 593,000 mga kabataang edad 12 hanggang 17 ay gumamit ng mga de-langhap sa unang pagkakataon sa taong iyon bago sila sumagot sa sarbey.


- Mahigit sa 22.9 milyong Amerikano ang nag-eksperimento sa mga de-langhap sa isang punto sa buhay nila.

- Isang estado sa Estados Unidos ay may karaniwang 3,800 na mga dalaw sa emergency room at 450 na pagkaka-ospital sa loob ng isang taon dahil sa mga pagkalasong dahil mga de-langhap, ayon sa mga estadistikang nailabas noong 2008.

- Sa oras na ang mga estudyante sa Estados Unidos ay makatuntong sa ikawalong baitang, isa sa limang bata ang nakagamit na ng mga de-langhap. Noong 2007, ang mga de-langhap ang mga substansyang pinakamadalas na abusuhin ng mga kabataang edad 12 hanggang 13.

- 22% ng mga umaabuso sa de-langhap na namatay sa Sudden Sniffing Death Syndrome ay walang kasaysayan ng nakalipas na pang-aabuso ng de-langhap—unang beses silang gumamit.
- Ayon sa European School Project on Alcohol and Other Drugs (Europeong Pampaaralang Proyekto sa Alkohol at Iba pang Droga), 20% ng mga kabataan sa grupong 12 hanggang 16 edad ay nagsubok ng mga de-langhap.
- Sa Nairobi, Kenya, isang tinatayang 60,000 bata ang nakatira sa mga kalsada at halos lahat ay nalulong sa isang uri ng de-langhap.
- Sa siyudad ng Karachi, Pakistan ay mayroong tinatayang 14,000 batang kalye, kung saan 80% hanggang 90% ang sumisinghot ng glue o mga solvents.
- Sa Estados Unidos, iniulat ng National Survey on Drug Use and Health noong 2006 na 12 milyong Amerikano mula edad 12 hanggang 17 ay gumamit ng mga de-langhap sa nakalipas na taon..





Sa loob ng tatlong araw, isang kaibigan ang nagbigay sa akin ng glue nang libre. Noong ika-apat na araw ay humingi siya ng pera sa akin. Noong panahong iyon, adik na ako at kinailangan ko siyang bigyan ng pera para makakuha ng isang tubo ng glue. Kinailangan ko ng mga ilang tubo ng glue araw-araw. — Marty

# IBA'T IBANG KLASE NG MGA DE-LANGHAP

Ang mga de-langhap ay maaaring maikategorya sa apat na iba't ibang uri:


**MGA LIKIDONG** nagiging singaw sa temperatura ng kuwarto. Ang mga ito ay makikita sa marami't madaling matagpuang pambahay at industrial na mga produktong kinabibilangan ng mga paint thinner, pantanggal ng mga grasa, gasolina, mga glue, mga likidong pambura at mga likido para sa mga felt-tip marker.

**MGA SPRAY** tulad ng mga spray na pintura, mga de-spray na deodorant at mga hair spray, mga de-spray na vegetable oil para sa pagluluto at mga fabric protector spray.

**MGA GAS** kabilang na ang mga medikal na pampamanhid (ether, chloroform at nitrous oxide, karaniwang tinatawag na "laughing gas"), mga butane na lighter, mga tangke ng propane, mga dispenser ng whipped cream at mga refrigerant.

**MGA NITRITE** (isang kemikal na compound na matatagpuan sa mga preserbatibo ng pagkain, panlinis ng balat, mga pantanggal ng amoy sa mga kuwarto, at iba pa.) ay maituturing na espesyal na klase ng mga de-langhap na diretsong nakakaapekto sa central nervous system, utak at spinal cord. Ang mga ito ay pangunahing ginagamit bilang mga sexual enhancer at karaniwang kilala bilang "poppers" o "snappers."





Sa katunayan ay natagpuan ko ang sarili kong kinakausap ang mga tinatawag kong mga 'gas buddy' (ang mga guni-guni). Isang araw ay nagha-huff ako at akala ko namatay ang kaibigan ko dahil dumating sa akin ang guni-guni niya.

"Natagpuan ko ang sarili kong nagha-huff hindi lamang para sa mga nakikita, ngunit para na rin makasama ang gawa-gawang 'mga kaibigang' lalapit sa akin kapag nagsimula na akong mag-huff. Pitong buwan na akong nakikipag-buno sa adiksyong ito." — Erin

# LEGAL BA ANG MGA DE-LANGHAP?


Kahit na ang mga de-langhap ay hindi nireregula sa ilalim ng Controlled Substances Act, 38 estado sa Estados Unidos ang nagpataw ng mga pagbabawal sa pagbebenta at distribusyon sa mga minor-de-edad ng ilang produkto na karaniwang inaabuso bilang mga de-langhap. Ilang estado ang nagsimulang magpataw ng mga multa, pagkabilanggo o sapilitang pagpapagamot para sa pagbebenta, distribusiyon, paggamit at/o pagkakaroon ng de-langhap na mga kemikal.

May mga batas din sa ilang estado ng Estados Unidos na nagbabawal sa panlibang na paglanghap ng nitrous oxide.

May ilang komunidad sa Kanlurang Australia at Timog Australia na nagpasa ng lokal na mga batas na nagdulot sa pagsinghot ng petrol na maging paglabag sa batas. Sa Victoria at Kanlurang Australia, ang mga pulis ay may pahintulot na kapkapan ang isang taong makatwirang pinaniniwalaang may hawak na de-langhap at kumpiskahin ito.

Sa Inglatera at Wales, ilegal para sa mga nagtitindang magbenta ng mga bagay na sumisingaw sa kahit na sinong mas bata sa 18 taong gulang kung may dahilan para paniwalaang gagamitin nila ito para sa pagsinghot at para malango.

# MGA DE-LANGHAP:



Ang pagsinghot ng mga usok mula sa mga kemikal na tulad ng insenso, mga langis, mga dagta, mga pampalasa at mga pabango para makapagbago ng kamalayan, o bilang bahagi ng mga seremonyang pangrelihiyon, ay matatagpuan sa kasing-aga ng sinaunang mga panahon sa Ehipto, Babylonia (ngayong ay tinatawag nang Iraq,) India at Tsina.

Ayon sa ilang mananaliksik, ang pagsinghot ng mga usok ng gas para mabago ang estado ng kamalayan ng isang tao ay isinasagawa ng mga babaeng pari sa Orakulo ng Delphi* sa sinaunang Gresya.

Noong unang banda ng 1800, ang nitrous oxide, ether at chloroform ay mga pampamanhid na karaniwang ginagamit bilang mga pampalango.

Ang nitrous oxide ay itinuturing na murang pampalit sa alkohol at ito ay pinasikat ng siyentipikong Briton na si Sir Humphry Davy. Nagdaos siya ng mga pagdiriwang kung saan gumagamit ng nitrous oxide at ginawa niya ang salitang “laughing gas” noong 1799. Napansin ang mga pampamanhid na epekto, iminungkahi ni Davy na ang gas ay maaaring gamitin sa mga operasyon, ngunit hindi ito sinubok nang mahigit sa kalahating siglo.

Ang paggamit ng mga pampamanhid para sa pag-aaliw ay nagpatuloy sa kabuuan ng ika-19 siglo sa Europa at sa Estados Unidos.

* Naniniwala ang mga Griyegong nakikpag-usap ang diyos na si Apollo sa babaeng mga pari sa pamamagitan ng Orakulo ng Delphi, isang sinaunang dambana.

# ISANG MAIKLING KASAYSAYAN



Sir Humphry Davy

Ang ether ay ginamit bilang isang drogang para sa pag-aaliw noong Prohibition era (panahon ng Pagbabawal) ng mga 1920, kung kailan ginawang ilegal ang alkohol sa Estados Unidos.

Noong mga 1940, ang pang-aliw na gamit ng mga solvent, sa pangunahin ay gasolina, ay naging popular.

Ang pag-abuso sa mga de-langhap sa Estados Unidos ay dumami noong mga 1950 at laganap na ito ngayon sa mga ito ngayon ay kalat sa mga nagbibinata o nagdadalaga.

Noong mga 1960, ang gawain ng pagsinghot ng solvent ay kumalat na sa maraming iba't ibang klase ng komersyal na mga produkto kabilang na ang mga thinner para sa pintura, pantanggal ng manicure, pampakintab ng sapatos, likido para sa lighter, spray paint at iba pa.

Sa kamakailang mga taon, ang pagsinghot ng glue at gas ay naging isang malawakang suliranin sa mga walang tahanang batang kalye sa Timog Asya, Mehiko, Silangang Europa, Kenya at iba pang mga lugar sa buong mundo. Ginagamit ng mga batang kalye ang mga de-langhap na ito para mamanhid sa sakit ng gutom, lamig at kawalan ng pag-asa.

Ang pagsinghot ng gas at spray paint ay karaniwan din sa mga liblib na mga rehiyon sa Canada, America, Australia, New Zealand at ilang mga Isla Pasipiko.



# Ang Katotohanan Tungkol sa Mga Droga

Ang mga droga ay mga lason. Ang dami na ginamit ang makatitiyak sa resulta.


Ang kaunti ay nagsisilbing pampasigla (nagpapabilis sa iyo). Ang mas marami ay nagsisilbing sedatibo (pinababagal ka). Ang mas marami pa ay nakalalason at maaaring makamatay.

Ito ay totoo sa kahit anumang droga. Tanging ang daming kinakailangan para makamit ang epekto ang naiiba.

Ngunit maraming droga ang may ibang panganib: ang mga ito ay direktang nakaaapekto sa isipan. Maaaring pasamain ng mga ito ang pag-unawa ng gumagamit sa nangyayari sa kanyang paligid. Bilang resulta, ang mga kilos ng taong iyon ay maaaring maging kakaiba, hindi makatwiran, hindi naaangkop at maaari pang mapanira.

Hinaharangan ng mga droga ang lahat ng mga pandama, ang mga kanais-nais ay pinapalitan ng mga hindi kanais-nais. Kaya habang nagbibigay ng panandaliang tulong sa anyo ng pagpapaginhawa sa sakit, pinapatay rin nila ang kakayahan at ang pagkalisto at pinapalabo ang pag-iisip ng isang tao.

Ang mga medisina ay mga drogang inilayon para mapabilis o mapabagal o mabago ang isang bagay tungkol sa paano gumagana ang iyong katawan, para subukang mapahusay ang paggana nito. Minsan ay kinakailangan ang mga ito.  Ngunit ang mga ito ay mga droga pa rin: kumikilos ang mga ito bilang mga pampasigla o mga sedatibo, at ang sobra ay makamamatay sa iyo. Kaya't kapag hindi mo gagamitin ang mga medisina tulad ng kung papaano dapat gamitin ang mga ito, maaaring maging kasing-panganib ng ilegal na mga droga ang mga ito.



Ang tunay na kasagutan ay
ang alamin ang
mga katotohanan at
hindi gumamit ng mga droga
sa simula pa lamang.

# BAKIT GUMAGAMIT NG DROGA ANG MGA TAO?

Gumagamit ng droga ang mga tao dahil may gusto silang baguhin sa buhay nila.

Heto ang ilan sa mga dahilan sa paggamit ng mga droga na ibinigay ng mga kabataan:

- Para makibagay
- Para “makatakas” o makapag-relaks
- Para mapawi ang pagkabagot
- Para maging parang matanda
- Para magrebelde
- Para mag-eksperimento

Akala nila na ang mga droga ay solusyon. Ngunit kalaunan, ang mga droga ang nagiging problema.

Mahirap mang harapin ang mga problema, ang mga kalalabasan ng paggamit ng droga ay palaging mas malala kaysa sa problemang sinusubukang lutasin sa paggamit ng mga ito. Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.

## MGA SANGGUNIAN

"Inhalant Abuse," National Institute on Drug Abuse

"Inhalants Pose Health Threat to Teens," Iowa Department of Public Health, 24 Mar 2008

"Inhalant Use across the Adolescent Years," National Survey on Drug Use and Health, 13 Mar 2008

National Inhalant Abuse Taskforce Final Report, Melbourne, Australia, Nov 2005

"Inhalants," Timothy Kaufman, M.D., emedicine.com, 9 Jul 2007

"About Inhalants," National Inhalant Prevention Coalition

"Intelligence Brief: Huffing," National Drug Intelligence Center, Nov 2001

"Inhalants: Description/ Overview," U.S. Drug Enforcement Administration

"Inhalant Abuse," National Institute on Drug Abuse Research Report Series

"Huffing—Inhalants," National Education Foundation of America

"NIDA InfoFacts: Inhalants" National Institute on Drug Abuse

PHOTO CREDITS:
Page 4 (glue): BigStockPhoto Page 7: Thomas Tamm Page 8: Chadwick Meyers Page 14: iStockphoto Page 18: Talaria Enterprises

Milyong mga kopya ng mga booklet na tulad nito na mababasa sa 22 wika ay ipinamahagi sa mga tao sa buong mundo. Sa pagsulpot ng bagong mga droga sa mga kalsada at mas maraming impormasyon tungkol sa kanilang mga epekto ang nalalaman, dinaragdagan ng impormasyon ang mga booklet na nagawa na at lumilikha rin ng mga bagong booklet.

Ang mga booklet na ito ay inilalathala ng Foundation for a Drug-Free World, isang hindi kumikitang organisasyong nakalaan para sa pampublikong benepisyo na nakasentro sa Los Angeles, California.

Ang Foundation ay nagbibigay ng pang-edukasyong materyales, payo at koordinasyon para sa pandaigdigang network nito para sa pag-agap sa paggamit ng droga. Nakikipagtulungan ito sa mga kabataan, mga magulang, mga tagapagturo, mga organisasyon ng mga boluntaryong manggagawa at mga ahenteng pang-gobyerno—sinumang may interes sa pagtulong sa mga taong mabuhay nang malaya mula sa pang-aabuso sa droga.

# MGA KATOTOHANANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang booklet na ito ay isa sa mga serye ng publikasyong tumatalakay sa mga katotohanan tungkol sa marijuana, alcohol, Ecstasy, cocaine, crack cocaine, crystal meth at methamphetamine, mga de-langhap, heroin, LSD at pang-aabuso sa mga inireresetang droga.  Taglay ang impormasyong ito, maaaring makagawa ang mambabasa ng desisyong mabuhay nang malaya sa droga.

**Para sa karagdagang impormasyon o para makakuha ng mas marami pang mga kopya nito o iba pang mga booklet sa seryeng ito, kontakin ang:**

Foundation for a Drug-Free World
6331 Hollywood Boulevard
Los Angeles, CA 90028 USA

**drugfreeworld.ph • e-mail: info@drugfreeworld.ph**
**Telepono: 1-888 NO TO DRUGS (1-888-668-6378)**

© 2018 Foundation for a Drug-Free World. Sarili Ang Lahat ng Karapatan. Ang logo ng Foundation ay isang tatak-pangkalakal na pagmamay-ari ng Foundation for a Drug-Free World. Item #20841-12-FIL